# Mga Itatanong Kapag Nakakita Ka ng Nakakalito o Mahirap na mga Scripture Passage

Kapag may nabasa ka na nakakalito o mahirap na scripture passage, maaari mong itanong ang isa o mahigit pa sa mga sumusunod.

- **Paano makatutulong ang pag-alam sa konteksto ng passage na ito?** Ang mga banal na kasulatan ay madalas na naglalahad sa atin ng mga kultura at pananaw ng mundo na lubhang kakaiba sa atin. Maaaring madaling mamali sa pag-unawa sa mga banal na kasulatan kapag hindi natin naunawaan ang konteksto ng isang passage. Gamitin ang resources sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan para makatulong.
- **Anong impormasyon o mga detalye ang maaaring nawawala?** Ang mga banal na kasulatan ay hindi kumpletong mga talaan. Ang ilang scripture passage ay maaaring kulang ng mahahalagang detalye na, kung malalaman, ay mas magpapadali para maunawaan ang mga ito (tingnan sa 1 Nephi 13:26–29; Jacob 3:13; Helaman 3:14; 3 Nephi 26:6).
- **Anong karagdagang kaalaman ang maaaring matamo kapag pinag-isipan ang passage nang may walang-hanggang pananaw?** Mag-ingat sa mga konklusyong ginagawa mo batay sa isang passage lang ng banal na kasulatan. Isipin kung ano pa ang nalalaman mo tungkol sa mga tao, turo, o pangyayari. Isipin ang nalalaman mo na tungkol sa Ama sa Langit at sa Kanyang plano.
- **Paano makatutulong ang maaasahan at mapagkakatiwalaang mga source?** Ang Diyos ang ating pinakapinagkakatiwalaang mapagkukunan ng kaalaman. Kapag nananalangin ka sa Kanya tungkol sa nakakalitong mga scripture passage, maaanyayahan mo ang Kanyang Espiritu na magbigay ng dagdag na kaalaman at kapayapaan. Ang mga katotohanang itinuro sa iba pang mga scripture passage at sa mga turo mula sa mga propeta ng Diyos ay gagabay rin sa iyo. Makatutulong din ang mga magulang at lider at guro ng Simbahan. Makahahanap ka ng tulong mula sa mga lathalain ng Simbahan at iba pang mapagkakatiwalaang source.

*Paalala:* Kung nalilito ka pa rin matapos sagutin ang mga tanong na ito, tandaan na maaaring may ilang scripture passage na hindi maipapaliwanag sa ngayon. Maaaring kailangan mo lang magtiwala na sa panahong itinakda ng Panginoon, darating ang karagdagang liwanag at kaalaman (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 101:32–34).

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80010414_893_26